

KALIGTASAN SA SUNOG SA TAGLAMIG – LISTAHAN NG MGA KAILANGANG TANDAAN

Fact Sheet 13 – Community Risk Management. Revised 28/09/2004-Filipino

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

KATOTOHANAN

Noong nakaraang taon 4339 na mga tahanan ang nasangkot sa sunog sa NSW, kung saan namatay ang humigit kumulang na 20 katao at nasugatan ang 3 pang iba. Mahigit 1300 sa mga sunog na ito, o 30 porsiyento, ang naganap sa mga buwan ng taglamig.

(Wastong estadistika sa petsang 04/06/04)

LIGTAS BA SA SUNOG ANG INYONG TAHANAN SA TAGLAMIG?

Inirekomenda namin ang simpleng listahang pangkaligtasan upang makatulong na mapanatiling ligtas sa sunog ang mga tahanan sa taglamig na ito. Tiyaking kayo at ang lahat ng inyong mga kasambahay ay tutugon sa sumusunod na mga payong pangkaligtasan:

- Pinakamahalaga, magkaroon ng sapat na bilang ng nakakabit na mga alarma para sa usok sa kabuuan ng inyong tahanan at tiyakin na nasusuri ang mga ito nang palagian.
- Tiyakin na kayo at inyong pamilya ay may alam na dalawang ligtas na paraan ng pagtakas sa bawat kuwarto sa inyong tahanan.
- Magkaroon ng nakasulat na plano ng pagtakas sa tahanan kung sakaling may sunog at sanayin ito nang palagian.
- Huwag kailanman mag-iiwan ng niluluto nang walang nagbabantay.
- Kung kayo ay mayroong fireplace sa inyong tahanan tiyakin na ang tsimenea ay malinis.
- Kung kayo ay mayroong fireplace palaging maglagay ng screen sa harap nito kapag ito ay ginagamit.
- Itsek ang mga de-kuryenteng blanket kung may sira o mga nahimulmol na kurdon bago ilagay sa kama.
- Pag-ingatan na mapanatiling malayo sa mga nabibitbit na heater ang mga kurtina, tapete at mga kagamitan sa kama.
- Ilagay nang kahit man lang 1 metro ang layo mula sa mga heater o fireplace ang mga basang damit at huwag kailanman iiwanan nang walang nagbabantay.
- Kung gagamit ng dryer para sa mga damit tiyakin na malinis ang lint filter sa bawat pagkakataon na gagamitin ito.
- Gumamit lamang ng isang kagamitan sa bawat saksakan ng kuryente at patayin ito kung hindi ginagamit.
- Palaging patayin ang mga kandila o anumang mga nakasinding apoy bago matulog.
- Palaging hawakan nang maingat ng mga kandila o anumang nakasinding apoy.
- Itabi ang mga posporo o mga pansindi ng sigarilyo sa isang ligtas na lugar na hindi maaabot ng mga maliliit na bata.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BUMBERO O SENTRONG TAGAMAHALA NG SUNOG

o bisitahin ang website na: www.fire.nsw.gov.au www.rfs.nsw.gov.au o www.esa.act.gov.au

MGA PAYONG PANGKALIGTASAN SA SUNOG SA TAGLAMIG

- Upang masuri ang isang de-kuryenteng blanket ilatag ito nang pantay sa ibabaw ng kama, pagkatapos ay isaksak ito sa kuryente sa loob ng limang minuto bago ilagay sa kama para gamitin upang matiyak na maayos ito
- Gumamit lamang ng mga autorisadong tagakabit ng nakapirming mga kagamitang pampainit
- Ang mga pampainit na unit na ginagamitan ng langis, gas o kahoy ay maaaring mangailangan ng taunang pagsusuri para sa pagmamantina
- Gumamit lamang ng mga rekomendadong klaseng piyus at magkabit ng pangkaligtasang suwits ng kuryente
- Kung maaari, sa kusina, maglagay ng fire extinguisher at blanket para sa sunog malapit sa labasan
- Huwag kailanman mag-iiwan ng nakasinding mga kandila o anumang nakasinding apoy nang walang nagbabantay

SA ISANG KAGIPITAN TAWAGAN ANG 000